# HANEP

Basahin Mo Ito!

ISSN:2546-0536

MAIL PERMIT NO. 2c-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.17 Setyembre 2-8, 2019 P10.00





# MAYOR ELM CRACKS DOWN ON ILLEGAL PARKING, CLEAR ROADS

pahina 2

## SC AFFIRMS DISMISSAL OF MARINE OFFICER IN 1999 ALLOWANCE SCAM

pahina 4

## CAVITE MULTI-SECTORAL HIV COUNSIL AND COORDINATORS MEETING

p.5

*Lahat ng obstruction sa mga daan, tatanggalin...*

## MAYOR LUBIGAN REVOKES ALL PERMITS

p.6

## DTI BRINGS NEGOSYO SERBISYO SA BARANGAY IN AMADEO

pahina7

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# MAYOR ELM CRACKS DOWN ON ILLEGAL PARKING, CLEAR ROADS

**IMUS City --Teams of engineer's office, traffic enforcers, environment and natural resources and local police on Thursday, August 22 swooped down the streets along Barangay Alapan and Bucandala, in the vicinity of city market, section of Gen. Aguinaldo Highway in this city to clear them of illegally parked vehicles and remove road obstructions.**

Mayor Emmanuel L. Maliksi personally led the clearing teams together with City Engr. Chris Sarno, City Planning Officer Rodel Pelaez, personnel from the City and Tourism Office, city and barangay officials. In Bucandala, the mayor personally talked to owners of business establishments in the areas to clear the public roads and sidewalks of all obstructions.

Maliksi told this writer that the removal of structures and other public road obstructions would be done in the city's 97 barangays.

Maliksi said the clearing is part of the city government's commitment to comply with the directive of President Rodrigo Duterte to clear major road networks of obstructions.

To do this, the mayor said that all barangay heads are also directed to submit report to the local office of the Department of Interior and Local Government (DILG) on the results of their clearing of road obstructions.

The mayor gave a one-week deadline to stall owners in Brgy. Bucandala to remove and dismantle concrete obstructions and clear the sidewalks.

The city government started its campaign last two weeks in many streets of the city barangays which are notorious for parked vehicles, ambulant vendors particularly along the side of the highway.

Sidewalks and pathways Bucandala and Malagasang are hosts to many wet and dry flea market, this writer witnessed during the clearing operations conducted by the mayor.

With the help of traffic personnel and Cenro officials, the teams cleared the area of garbage, illegally parked vehicles and the engineering removed structures that have blocked the sidewalks for safe passage of pedestrians.

"Nagpapasalamat po kami kay Mayor na kinausap muna kami at inexplain na kailangan ngang ma-clear ang daanan. We will comply sa utos ni Mayor Maliksi," said one vegetable vendor whose stall occupied the three-meter span of the sidewalk.

Traffic has been a problem in Bucandala and there have been cases of accidents because of illegally parked vehicles and sidewalk obstructions where pedestrians are forced to walk in the middle of the streets.

Last July 29, the DILG issued Memorandum Circular 2019-121 ordering all local government units (LGUs) to reclaim public roads of private use by individuals or entities.

'We hope that with the removal of obstruction of the streets, alleys and sidewalks, mababawasan ang masikip na traffic sa lugar. Male-lessen na ang inconvenience kahit paano sa ating motorista at commuters," Maliksi told this writer.

He said he would conduct simultaneous inspections of the barangays on the progress of the dismantling of road obstructions every Thursday and Friday.

Maliksi told business owners that the DILG memo gives the local government the power to revoke permits that give private entities authority to use parts of any public roads.

"Yung mga hindi susunod at hindi babaklasin ang mga harang at mga pwesto sa public roads at sa mga bangketa, after the one-week grace period, wala kaming magagawa kungdi ang gibain ang mga obrstruction at lalapatan namin sila ng penalty at parusa," Maliksi said.

The mayor said that his office is looking into reports about fees or 'lagay' allegedly collected from illegal vendors to ply their merchandise on roads and sidewalks.

Allegedly, fees for sidewalk vendors are being collected with 'official receipts' by persons who said they are "from the city government."

DILG-Imus City Officer Divinaamor Toledo De Pano said that complaints against erring government officials and individuals on any illegal activities can be relayed to 8888, the Malacanang's Complaint and Action Center. **(Eli Taparan-guest writer)**

# Misis at kalaguyo, arestado; ipinaaresto ni mister

**IPINAARESTO** at ipinakulong ng isang 31-anyos na mister ang kanyang misis at kalaguyo nito nang nalaman na magkasama na ang mga ito sa iisang bubong sa Imus City, Cavite.

Kasong paglabag sa Adultey/Concubinage ang isinampa ni Ramoncito Alvarez, buy and sell at residente ng 847 San Rafael II. Noveleta, Cavite laban sa asawang si Karl Ivans Alvarez at kalaguyo nitong si Kristoffer Telmo, may-asawa, ng Blk 06 Lot 23, Primavida residences, Pag asa II, Imus City.

Sa ulat ni PMSgt Alfredo dela Cruz, Jr., dakong alas-2:30 ng hapon nang ipinaaresto ni Alvarez ang kanyang misis at kalaguyo sa loob ng isang apartment sa Block 6 Lot 23, Primavida Residences, Pag-asa II, Imus City.

Ayon kay Dela Cruz, may dalawang buwan na umanong hiwalay ang mag-asawa na nabiyayaan ng dalawang anak, matapos umanong hilingin ng lalaki na maghiwalay na umano sila.

Sinabi ni Dela Cruz na may problemang "marital sex" ang mag-asawa na pinaniniwalaang ito ang dahilan ng kanilang hiwalayan, bagama't hindi na inungkat ng imbesigador ang nasabing kaso.

Gayunman, nang nalaman ng mister na may ka-relasyon ang kanyang misis at nakikipag-live-in pa ito ay dito na siya humingi ng tulong sa pulisya kung saan naaktuhan ang dalawa na magkasama sa iisang bubong.

Paliwanag di Dela Cruz na bagama't naghiwalay sila pero legal umano silang mag-asawa. **GENE ADSUARA**

**SM CITY BACOOR, CAVITE** - There's more reason to visit SM City Bacoor as Dakasi Tea recently opened its newest store at the mall's 2nd Floor. Milk tea lovers can now enjoy their favorite Dakasi Tea thirst-quenchers with its signature Taiwan milk tea blends with medium-sized yummy pearls. Don't miss trying their Dakasi Bubble Milk Tea, a classic blend that offers a distinctive taste most people describes as "a taste only Dakasi tea can offer." Try and taste their Charcoal Roasted Milk Tea if you're longing for a tea with a hint of coffee. Their Taro Milk Tea is also a must-try for a rich and flavorful taro blend that would definitely capture your heart (and your mother too!). All these and more at Dakasi Tea-SM City Bacoor. Enjoy!







**SM CITY BACOOR,CAVITE-** Papemelroti recently opened its newest store at the lower ground of SM City Bacoor to satisfy the demands of the artsy and environmentalist stationery lovers of Cavite. The store offers a very light ambience to cater your creative side and amaze your soul with the brilliant ideas they have with each of their products. Most of the must-haves are their planners and journals, refreshingly designed home decorations and a whole bunch of gift ideas and event favors perfect for anyone in every occasion.

Papemelroti offers passionately made office and school stationery supplies like notebooks, greeting cards and postcards, inspirational and heart-warming gifts with eco-friendly Filipino themes like accessories, jewelry, home decorations and scents, keychains, pins, coin banks, and event invitations they can personalize just for your special celebrations. They also are offering kitchen decors, mugs and coasters, coffee tumblers and sleeves dolls, bags and purses. And to awaken your artistic side, they offer painting kits, scrapbook materials, blank cover journals and craft sets. With its wide variety of arts and craft products, Papemelroti will surely make you swoon over its artistically made and personalized items which are mostly from recycled papers.




NASA 50 pulis-Maynila ang isinalang sa pagsasanay kaugnay ng pagbuo (assemble), pagkumpuni at pagsakay sa bisikleta na tatawaging Manila Police District BIKE PATROL. Sila ay magpapatrolya sa inside street o eskinita ng lungsod batay sa Anti Criminality Campaign na direktiba ni MPD District Director Vicente Danao, Jr. **(Christian Heramis)**

LAYOUT.indd 10 8/30/2019 6:34:44 AM

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Kataksilan pa

SI mister at misis ay nagpunta sa kubo ng kumpare nila kasama ang kanilang anak.

May mga tanim na kamote sa bukid si kumpare at napag-usapan nilang manguha o mang-ani.

Nang nasa kubo na ni kumpare ay nalaman ng mag-asawa na nakalimutan pala sa kanilang bahay ang basket na dapat ay paglalagyan ng aanihing mga kamote.

Kaya napilitan si mister na bumalik o umuwi muna uli sa kanilang bahay at iniwan si misis ang anak nila kay kumpare.

Nang makabalik muli si mister sa kubo ni kumpare ay nagtaka ito dahil ang anak niya ay nasa silong at naglalaro.

Kinabahan si mister at hindi nga nagkamali ang kanyang kutob dahil sa hindi inaasahang masasaksihan.

Huling-huli ni mister na nagtatalik ang kanyang misis at kanilang kumpare.

Dahilan upang umakyat ang dugo sa ulo at biglang nagdilim ang paningin ni mister.

Pinagtataga ni mister ang dalawang taksil at napuruhan kaagad si kumpare.

Ang misis naman ay nagawa pang makatakbo subalit pagdating ng silong ng kubo ay binawian na rin ng buhay.

Pagkatapos ng krimen ay mabilis na tumakas si mister at binitbit ang kanyang anak.

Ang magkukumpare ay pareho ang mga edad, pawang 25-anyos sila.

Sinusulat ito ay subject for manhunt operation ng kapulisan ang mister na suspek.

Ang insidente ay naganap sa Barangay Gupitan, Kapalong, Davao del Norte.

Hindi na karaniwan ang mga ganitong pangyayari na kamatayan ang kinahahantungan dulot ng kataksilan.

Nagagawang magtaksil ng asawa at ang siste ay kay kumpare pumapatol.

May pangyayaring si misis ay papatol kay kumpare o si mister ay papatol kay kumare.

Bakit nga ba ito nangyayari? Kung ano man ang dahilan ay tanging ang mga nasasangkot lamang ang nakakaalam.

Mahirap manghusga subalit hindi naman naaayon o tama na ang pagtataksil ang kasagutan sa kung ano mang rason.

Mas mainam marahil na kung hindi na gusto o mahal ang kabiyak o karelasyon ay sa hiwalayan na lamang humantong kaysa naman kataksilan pa.









**BENCHMARKING VISIT OF THE PROV'L GOVT OF COMPOSTELA VALLEY TO PGC:** Employees and heads of departments of the Provincial Government of Cavite (PGC) warmly welcomed the delegation of the local government of Compostela Valley headed by Governor Jayvee Tyron Uy during their benchmarking visit on August 23, 2019 at the Session Hall of the Legislative Building in Trece Martires City. The activity aims to equip them with knowledge and strategies on how to develop quality management systems for excellent public service. On behalf of Governor Jonvic Remulla, Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica expressed his full support to the leadership of Compostela Valley provincial government in their aim to achieve ISO Certification. Provincial Planning and Development Coordinator Mr. Jesus Barrera elaborated the Cavite Development Strategy while Provincial Board Secretary and Quality Management Representative Ms. Michelle Alcid shared the province's ISO 9001:2015 Certification journey. Meanwhile, Compostela Valley Vice Governor Maria Carmen Zamora thanked the PGC for the reminder not to aim for perfection but rather be a better version of public servants. Moreover, visitation to counterpart offices was done to learn about the best practices in delivering services and actions undertaken in ensuring the efficiency and effectiveness of the QMS implementation in the province. The Development Academy of the Philippines (DAP) awarded a certificate of appreciation to PGC for sharing its exemplary practices in implementing ISO 9001:2015 certified QMS received by 4th District Board Member Fulgencio Dela Cuesta and 8th District Board Member Virgilio Varias. **(PICAD)**

# EDITORYAL

## Aralin, gawin sa paaralan

**NAKASUPORTA ang Department of Education (DepEd) sa panukalang "no homework" policy.**

**Ang naturang polisiya ay nakalaan para sa kindergarten hanggang Grade 12 students sa bansa.**

**Tila mayroong punto na ang mga aralin ay mainam na ginagawa habang ang mga bata ay nasa paaralan.**

**Malapit naman talaga sa katotohanan na ang mga takdang-aralin ay hindi naman ang mga bata ang gumagawa.**

**Ang mga magulang, nakatatandang kapatid, kaanak o yaya ang gumagawa nito.**

**Sinasabing after school ay tama lamang na mayroong oras o bonding ang bata sa kanilang pamilya.**

**Kayo na po ang magkomento sa inihaing House Bill 3611 ni House Deputy Speaker Evelina Escudero tungkol sa polisiyang ito.**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S.SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com


**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

*Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.* papi

# SC AFFIRMS DISMISSAL OF MARINE OFFICER IN 1999 ALLOWANCE SCAM

**MANILA -- The Supreme Court (SC) upheld the dismissal of a commandant of the Philippine Marine Corps accused of involvement in anomalies amounting to PHP36.768 million in clothing and equipment allowances for soldiers 20 years ago.**

In a July 10 decision made public Tuesday, the SC's Second Division - through Associate Justice Amy Lazaro-Javier - ordered the dismissal from the military service of former Marine commandant, Maj. Gen. Renato Miranda, who was charged by the Office of the Ombudsman along with four other Marine officials of pocketing the Combat, Clothing Allowance and Individual Equipment Allowance (CCIE) for year 1999.

The High Court reversed the Court of Appeals (CA) decision which nullified the order issued by the Ombudsman on February 27, 2009, dismissing Miranda from the service, along with five other military officers, for grave misconduct and serious dishonesty.

The SC ruled that the appellate court erred when it cleared Miranda from the charges despite compelling evidence on record showing that he committed the offenses.

"What respondent did was truly indispensable to the consummation of the unlawful disbursement of public funds which cause prejudiced to the government," the SC ruled.

The Court also ordered the forfeiture of all his benefits except for accrued leave benefits and perpetually disqualified him from re-employment in any branch of service of the government, including government-owned and controlled corporations.

The former Marine commandant is also facing a graft case before the Sandiganbayan for malversation through falsification of public documents in connection with the anomaly.

In its petition before the SC, the Ombudsman insisted that Miranda along with his four co-accused PMC personnel conspired to defraud the government through a fictitious grant of CCIE allowances to enlisted members of the Philippine Marine Corps.

Each enlisted employee was to get PHP8,381.25 as Combat Clothing Allowance and PHP6,337.80 as Individual Equipment Allowance, or a total of PHP14,719.05.

The disbursements were released through 19 checks in various amounts. At least 145 soldiers who were supposed to benefit from the fund attested that they did not receive any amount in full or in part.

Miranda was dismissed from the military service in 2006 for his part in the coup plot to oust then-President Gloria Macapagal-Arroyo but was granted amnesty by former President Benigno Aquino III in 2010. **(PNA)**

# Gunman pleads guilty in murder of bizman Dominic Sytin

**MANILA --** The gunman in the killing of businessman Dominic Sytin pleaded guilty on charges of murder and frustrated murder before an Olongapo court on Wednesday,

As a result, Senior State Prosecutor Juan Pedro Navera said Edgardo Luib can no longer be admitted as a state witness in the case although his testimony against other suspects allegedly involved in the crime may still be tapped by government lawyers.

Also linked to the murder are the victim's younger brother Dennis and a disgruntled employee, Ryan D. Rementilla who also goes by the name Oliver Fuentes.

"(Since) he has already been arraigned, he (Luib) can no longer be discharged (as a state witness)," Navera said.

Another hearing was scheduled by the court for Luib to prove the voluntariness of his plea in the murder of Dominic and for the injuries sustained by the victim's aide, Efren Espartero.

The location of the other accused remains unknown.

State lawyers see family business dispute as the motive of the crime.

The family owns United Auctioneers Inc., a local importer of heavy equipment and likewise runs the local franchise of an international truck manufacturer.

Luib, Dennis, and Rementilla are facing charges over the shooting incident in front of the Light House Hotel inside the Subic Bay Freeport Zone resulting in the killing of Dominic and the wounding of his bodyguard, Efren Espartero Jr. in November 2018. **(PNA)**

# Nigerian National, tiklo sa online scam

**ARESTADO** ng Cavite police sa isang entrapment operation ang isang Nigerian national sa aktong wini-withdraw nito ang perang padala ng isang ginang na kanyang nabiktima sa Online scam sa Bacoor City, Cavite.

Kasong Swindling in relation to violation of Sec. 6 ng RA 10175 (Online scam) ang isinampa sa suspek na si Kingsley Chisom, 27, binate, ng 08 Champaca St., Andres 1A, Brgy Panapaan 6, Bacoor City, Cavite dahil sa reklamo ni Ico Sol, 28, tubong Gasan, Marinduque.

Sa ulat ni Corporal Edilberto Reyes, Jr., ng Bacoor City Police Station, noong August 16, 2019, nakatanggap ng message sa online ang biktima mula sa isang Pastor Mark Ken, isa umanong Marine Engineer sa Germany kung saan nanalo umano ito ng US$950,000 sa lotto at naawa umano ito sa mga mahihirap na bata sa ampunan at sa mga naapektuhan ng bagyo sa Pilipinas at nais umano niyang tumulong sa pamagitan ng pagbibigay ng mga damit, pagkain, atbp bilang donasyon.

Naengganyo ang biktima sa mensahe ni Ken at noong August 21 ay nagpadala ito ng P2K sa pamagitan ng Smart Padala sa isang Thompson Mullar na naulit pa at muling nagpadala ito ng mahigit P5K kapalit ng ipapadala nitong mga bagahe at kukunin ito sa Tonnits Minimart Store sa Andre 1, Brgy Panapaan 6, Bacoor City.

Pero nitong August 26, muling humingi ng P10K ang suspek at dito na nagduda ang biktima dahilan upang lumuwas ito sa Cavite at i-report sa Bacoor CPS at ikinasa ang entrapment operation.

Nagkasundo ang biktima at suspek na magpapadala ito at sa aktong iwini-withdraw nito ang padala ng biktima ay inaresto ito ng Bacoor CPS dakong alas-10:05 ng umaga sa nasabing minimart .

Narekober mula sa suspek ang isang Samsung laptop at 4 na unit na cellphone kung saan dito nabasa ang transaksiyon ng suspek.

Inaalam din ng pulisya kung si Pastor Mark Ken, Thompson Mullar at suspek ay iisang tao. **GENE ADSUARA**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15**
**NAIC, CAVITE**

**IN THE MATTER OF THE JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE LATE SPS. ANTERO JANOLO AND MARGARITA POBLETE-JANOLO, SPS. PRIMO JANOLO AND ESPERANZA CATIGAN-JANOLO, AND SPS. MARCELO JANOLO AND ESPERANZA UNDAHON-JANOLO WITH RECOGNITION OF SALE**

**NONILON M. TOLENTINO, REPRESENTING THE BUYERS OF THE SOLD BUT UNDELIVERED ESTATES, AND RESLYN JANOLO BENESEN, THE ONLY HEIR/ SUCCESSOR TO THE ESTATE OF THE LATE PRIMO JANOLO THROUGH DECEASED SON, JESUS JANOLO,**
Petitioners,

-versus-

**SP.PROC. CASE NO. NC-2018-38**

**NOLI JANOLO, FERDINAND JANOLO, AMELIA JANOLO, ARIEL JANOLO, LUIS JANOLO AND JULIANA JANOLO, THE ONLY SURVIVING HEIRS OF THE LATE ANTERO JANOLO, DOROTEA JANOLO BLADEN, THE ONLY KNOWN HEIR OF THE LATE MARCELO JANOLO AND THE HON. REGISTER OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE,**
Respondents.

*- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**O R D E R**

Before this Court is an **Urgent Manifestation with Ex-Parte Motion for Issuance of Notice for Initial Hearing** filed by petitioners through their counsel respectfully praying that an Order for Initial Hearing preferably on the late September to November 2019 be issued and served upon all parties by registered mail and by publication in a newspaper of general circulation in Cavite.

Finding the said motion to be in order and meritorious, the same is hereby **GRANTED.**

As prayed for, initial hearing in this case is set on **September 30, 2019 at 8:30 in the morning in the Regional Trial Court Branch 15, Naic, Cavite,** on which date, hour and place, all concerned parties may appear and show cause why the petition should not be granted.

Petitioners are directed to furnish copy of this Order with attached petition to the respondents and to cause the publication of the same once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite and in the Philippines.

Provide copy of this Order to parties and counsels as notice requiring their attendance on the above-mentioned date and time.

SO ORDERED.

Naic, Cavite, July 22, 2019

**LERIO C. CASTIGADOR**
Judge

**Publication: HANEP** September 2, 9 and 16, 2019

# CAVITE MULTI-SECTORAL HIV COUNCIL AND COORDINATORS MEETING

**THE Provincial Health Office thru its Provincial HIV Program Coordinator, Haydelisa Maderazo, facilitated the two-day Cavite Multi-sectoral HIV Council and Coordinators Meeting held at The Bayleaf Hotel, City of Gen. Trias on August 22-23, 2019. The meeting with the tagline "Act Against AIDS, End It" sought to build a more cohesive network of offices to work on the probable recommendations, programs and policies towards handling the HIV epidemic.**

Issues and challenges encountered in the implementation of HIV programs and policies in cities and municipalities were tackled during the first day of the meeting. Two of the major problems cited were the conflict during the testing and screening and the referral system after the patient was diagnosed reactive. It was attended by the municipal and city health officers, HIV program coordinator and nurses, members of POZ Cavite Support Group Incorporated (PCSGI) and members of the Provincial HIV Council.

Dr. Michael Angelo Marquez, Bacoor City HIV Medical Coordinator suggested to formulate IEC materials on HIV-AIDS programs and policies with complete directories of the treatment hubs in the province. Likewise, Dr. Ferdinand Mina of Imus City Health Office recommended to have a massive HIV awareness campaign tapping the LGBT community through creation of an LGBT organization in Cavite.

On the second day, Dr. Nelson Soriano, OIC-Public Health and Technical Services and Head of Provincial Epidemiology Service Unit of the PHO welcomed all the participants and challenged them to improve the HIV prevention and control programs in the province since HIV is a big health issue. According to him, open networking like social media is big help in solving the challenges encountered.

The event was also graced by Sixth District Board Member Kerby Salazar, Chairperson-Committee on Health, Nutrition and Population and expressed his observation that majority of the HIV awareness programs focused on the LGBT community. He suggested that it's time to design a program for everyone. He also stressed that more than increasing awareness, activities and programs that can help end the stigma should be formulated. BM Salazar promised that as chairperson of the committee on health, he will utilize his term to improve the healthcare and nutrition program in the province to achieve a healthy and livable Cavite.

Highlight of the meeting was the presentation of the accomplishments of the Provincial HIV Programwhere Ms. Haydelisa Maderazo reported that they have conducted HIV awareness campaign to senior high school students from different schools in the province, out of school youths and employees of private companies from September 2018 – August 2019. Simultaneous mobile HIV counselling and testing were also done in the entire province. She also cited other HIV programs like candle lighting ceremony, Buntis Congress for both adult and teenage pregnant women and orientation in different private companies. Likewise, status and accomplishments of four treatment hubs namely, Bacoor Social Hygiene Clinic, Imus Reproductive and Wellness Center, Dasmariñas Social Hygiene Clinic and Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital Treatment Hub were discussed by their respective city HIV program coordinator.

Before the meeting ended, in an open forum, Ms. Julliene Christine Aurellado, Regional HIV Program Coordinator, addressed the questions and queries raised on the first day of the meeting. The issues and challenges tackled were answered and given plausible recommendations. **PICAD**

# KOTSE NG EDITOR/COLUMNIST NASANGKOT SA AKSIDENTE

**UMABOT** sa P53,700 ang posibleng magastos para makumpuni ang kotseng Avanza ng dating editor at kolumnistang si Domz B. Caoile na nasangkot sa isang aksidente noong Linggo, Agosto 24, bandang alas 2 ng hapon, sa Twin Lake, Aguinaldo Highway sa Alfonso, Cavite.

Sa imbestigasyon ni SSgt. Boyet Soriano, officer-on-case, nabangga ang huling bahagi ng kotse ni Caoile ng DLTB bus (UYC-577) na minamaneho ni Edwin Sapon, ng Brgy. Tolega Sur, Mincad, Tarlac at naninirahan sa terminal ng nabanggit na kompanya ng bus sa Nasugbu. Batangas.

Ayon kay Caoile, inihinto niya ang minamahenong kotse (ZEP-242) nang magpreno ang sinusundang sasakyan patungo sa direksiyon ng Nasugbu.

Nalingat ang tsuper ng DLTB at binangga ang Avanza.

Sa lakas ng pagkabangga, nabasag ang ilaw at nayupi ang likurang bahagi ng kotse ni Caoile.

"Nagulat ako at nahilo sa lakas ng pagkabangga," sabi ni Caoile.

Nangako ang may-ari ng kompanya ng bus na sasagutin ang nasira sa kotse at ang pagpapagamot kay Caoile at isa pang pasahero na nasaktan sa aksidente.

Nagtamo ng pinsala sa ulo at katawan ang mga biktima.







# 3 Akyat-bahay, sumalakay

**TINATAYANG** mahigit sa P70K halaga ng cash at kagamitan ang tinangay ng hinihinalang miembro ng akyat bahay gang kabilangang isang menor de edad sa magkahiwalay na insidente sa Gen Trias City, Cavite.

Nakakulong sa General Trias City Custodial Center ang suspek na si Richard Arga, 43, may-asawa, ng 157 Crispolo St. Brgy. Salitran 1, Dasmariñas City, Cavite; Danilo Rago II, 19, binata, ng Blk 6, Lot 14 Camella-Lessandra Subdivision, Brgy Santiago, Gen Trias City; habang hawak ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang isang 15-anyos na menor de edad dahil sa reklamo nina Lolita Peralta, 62, may-asawa, ng 101 Brgy. Dulongbayan, General Trias City; at Dennis Casiano, 43, ng Blk 6, Lot 3, Camella-Lessandra Subdivision, Brgy Santiago, Gen Trias City.

Sa reklamo ni Peralta kay PSSgt Harry Culanding, ng General Trias City Police Station, dakong alas-8:00 ng gabi nang puwersahang pumasok ang suspek na si Arga sa loob ng kanyang bahay sa likurang bahagi at tinangay ang mahigit kumulang sa P20K cash.

Nagsagawa naman ng hot pursuit operation ang Gen Trias CPS na nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek.

Sa ulat naman ni PSSgt Armine Matro, ng General Trias CPS, dakong alas-8:00 ng gabi nang napansin ng roving guard na si Isagani Sabasa ng Camella-Lessandra Subd., Brgy Santiago, Gen Trias City, ang dalawang kalalakihan habang bitibit ang isang sako habang naglalakad sa lugar.

Tiyempo naman na habang sinisita ni Sabaza ang dalawang kalalakihan nang nakatanggap ito ng tawag sa kasamahang guwardiya na pinasaok ang bahay ni Casiano.

Kinilala ni Casiano na personal na gamit nito ang nakasilid sa sako na umaabot sa P57K.

Nabatid na sinira ng dalawa ang grills sa likurang bahagi ng bahay ni Casiano saka tinangay ang kanyang mga gamit habang wala ito. **GENE ADSUARA**




# CLUB OWNERS SA MAYNILA PINULONG SA MANILA CITY HALL

**PINULONG NG MGA OPISYAL** ng Manila City Hall ang mga club owners ng Maynila upang para ipaaalam sa kanila ang dapat sundin alituntunin para makapag-operate ng kanilang business.

Ang mga alintuntunin na dapat nilang sundin o gawin sa pagbubukas ng kanilang club.

Bawal sa mga GRO ang tumambay sa labas ng kanilang club upang magtawag ng mga customers. Dapat ang mga lalaki lang puwedeng tumawag ng kanilang mga customer.

Magkakaroon ng Drug Test sa bawat empleyado at sa mga staff. Pagnahulihan ng pinagbabawal ng gamot o mga drug addict sa loob ng club puwede ito ipasara laban sa club owner.

Kailangan ang lahat ng empleyado ng club ay residente ng Maynila. Kung hindi sila nakatira sa Maynila ay puwede sila gumamit ng address sa Maynila.

Sinasaad sa City Ordinance/batas kailangan ang mga kukunin empleyado ng club owner ay residente ng Maynila ang pilosopiya ay bigyan priority ang mga taga-Maynila.

Yun mga walang police clearance,working permit at health card/pink card ay bawal magtrabaho sa kanila club. Kailangan lahat ng requirements ay kumuha sila lalo na yun mga bagong staff.

Mayroon check-up quarterly ang Manila City Hall mobile para i-check lahat ang kalusugan ng mga empleyado gamit ang XRAY,BTR at smear test para sa mga babae at STD test para sa mga lalaki.

Kailangan magbayad sila ng Isang Libong Piso bawat isa. Hindi na sila pupunta pa sa Manila Health Department center sa Quiricada st., Sta. Cruz, Manila.

Mahigpit na binagbibilin gawin ito kung hindi puwede ipasara ang kanilang club.

Magkakaroon ng inspeksyon ang composite team na Manila City Hall Bureau of Permit/license, Manila Health at Police sa business stablishment sa mga club at yun mahulihan walang lisensiya ay aarestuhin at dadalhin sa presinto para i-book at kasuhan.

Ang pakuha ng bagong business license, mayors permit to work ang health ay tuwing buwan ng Enero ng taon.

Mahigpit na binababawal ng Manila City Hall na magtayo ng isang NIGHT CLUB na malapit sa Simbahan at paaralan kundi sarado ang aabutin ng club.

**OOO**

Isang KTV club na sa kanto ng A. Mabini at Remedios st., Malate, Maynila na ang pangalan ay PREMIER KEIKO na pag-aari ng isang hapon na ang pangalan ay alyas "PENGUIN".

Ang katiwala ng nasabing club ay isa rin Hapon na ang alyas ay "NASIDA".

Malapit itong PREMIER KEIKO KTV sa simbahan ng Malate at sa eskuwelahan ng Malate Catholic School. Ilang dipa lang ang lapit ng nasabing KTV Club.

MAYOR ISKO hindi po ba bawal magtayo o magnegosyo ng Night Club na malapit sa simbahan at eskuwelahan. Paano ho ito nakakuha ng permit o lisensiya sa Manila City Hall para mag-operate.

**FOR YOUR INFORMATION LANG MAYOR ISKO.**

LAYOUT.indd 7 8/30/2019 6:34:42 AM

*Lahat ng obstruction sa mga daan, tanggalin…*

# MAYOR LUBIGAN REVOKES ALL PERMITS

**TRECE Martires City – In a memorandum order dated August 1, Mayor Gemma Lubigan has ordered the revocation of all permits giving authority to private entities to occupy public roads and alleys in the city.**

With this memo, the city government started the campaign to clear of obstructions of all city streets and sidewalks in line with the directive from President Rodrigo Duterte.

This paper learned that the permits to use public roads by private individuals and entities were approved during the past administration.

A city official, who requested not to be named, said that there "was nothing personal with the order of the mayor."

The official explained that Lubigan has to comply with the order of the President and the memorandum issued by the Department of Interior and Local Government ordering all local government units to clear all obstructions on public roads, sidewalks and alleys.

"Inutos na rin po ni Mayor Gemma na aming imbentaryuhin ang lahat ng lugar at kalsada sa Trece na nilagyan ng concrete structure na nakaharang at nakasasagabal sa mga daan," the official told this paper.

The DILG order gave LGUs 60 days to clear obstructions on all public roads and gave the power to the local chief executives to revoke all permits given to individuals and entities to use public roads.

Likewise, the first lady mayor of TMC ordered all barangay officials to clear their respective communities within 60 days and to submit on a weekly basis the progress reports on the clearing operations to the local office of the DILG and to the Office of the Mayor.

"Walang barangay na makaliligtas sa monitoring na ginagawa ni Mayor at ng City Administrator. Gusto ni Mayor Lubigan ng complete compliance sa kanyang order," the unnamed city official said. **(Eli Taparan-Guest Writer)**

# Mga magsasaka ng niyog, hinikayat magtanim ng gulay at prutas

**LUNGSOD NG LUCENA,** Quezon (PIA)- Hinikayat ni Panlalawigang agrikultor Roberto Gajo ang mga magsasaka ng niyog sa Quezon na magtanim ng mga gulay, prutas at iba pang uri ng halaman na maaaring pagkakitaan sa mga niyogan.

Ang pahayag ay binanggit ni Gajo sa media briefing ng "Niyogyugan Festival" sa Sangguniang Panlalawigan conference room noong Agosto 23 kung saan tinalakay din ang iba pang produktong na maaaring pagkakitaan mula sa niyog kagaya ng virgin coconut oil at iba pa.

"Mababa ang presyo ng kopra sa Quezon ngayon kung kaya't mahina rin ang kita ng mga magsasaka at kailangan nila ang iba pang source of income kagaya ng pagtatanim ng iba pang mga halaman tulad ng gulay at prutas upang madagdagan ang kanilang kita," sabi pa ni Gajo.

Samantala, binanggit din ng panlalawigang agrikultor na malaking tulong sa mga magsasaka at mga pamilya nito ang "Niyogyugan Festival" upang tulungan na maibenta ang mga gawang produkto ng mga magsasaka at mga lokal na residente ng iba't-ibang bayan ng Quezon kagaya ng suman sa Infanta, mga uraro cookies ng Catanauan at iba pang mga prudukto mula sa niyog.

"Ang average sale per day ng "Niyogyugan Festival" ay P2.5M at tinatayang aabot sa kabuuang P27M benta ng "Niyogyugan Festival hanggang sa pagtatapos kung kaya't malaking tulong sa ating mga kabababayan ang festival upang mai-promote natin ang mga produktong gawa sa Quezon," sabi pa ni Gajo.

Ang "Niyogyugan Festival" ay taunang programa ng pamahalaang panlalawigan ng Quezon na kaalinsabay sa pagdiriwang ng kapanganakan ni dating Pangulong Manuel L. Quezon (Agosto 19.) Tampok din ang pag-aalay ng bulaklak sa munomento ni Quezon at pagpili at pagbibigay ng Medalya ng Karangalan sa mga Natatanging Mamamayan ng lalawigan ng Quezon sa iba't-ibang larangan. **(Ruel Orinday, PIA-Quezon)**

# Motor vs motor, 1 patay

**NASAWI** ang isang 32-anyos na motorcycle rider nang masagi ang minamaneho niyang motorsklo ng isa pang motorsiklo sa Naic, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa San Lorenzo Ruiz Hospital ang biktimang si Jonard Caldero, ng 155 Crusher Sapang 2, Ternate, Cavite.

Hawak naman ng Naic police ang suspek na si Aljemill Abad, 32, binata, encoder, ng Bilugan Subd., Brgy Labac, Naic.

Sa ulat ni PSSgt Anthony Macario, ng Naic Municipal Police Station, dakong alas-11:54 ng gabi nang naganap ang insidente sa Junction sa tapat ng Jolibee sa A. Soriano Highway , Brgy Ibayo, Silangan, kung saan kapwa minamaneho ng biktima at suspek ang kanilang motorsiklo nang pagsapit sa nasabing lugar nang nasagi ng motorsiklo ng huli ng biktima.

Dahil dito, kapwa bumagsak ang dalawa sa semento pero napuruhan ang biktima kaya isinugod sa ospital pero dakong alas-12:31 ng madaling araw nang ideklara itong patay. **GENE ADSUARA**

# Pulis-Maynila, 2 pa kinasuhan ng murder

**SINAMPAHAN** ng kasong murder ang pulis-Maynila at dalawang kasama nito na bumaril at pumatay sa kapitbahay nito na nagtalo dahil lamang sa hindi makadaan ang sasakyan sa Bacoor City, Cavite.

Ayon kay PSSgt Edison Fetalcurin, ng Bacoor City Police Station, kasong murder ang kinakaharap ng suspek na si PSMSgt Herbert Salazar, 42, nakatalaga sa Manila Police District (MPD)-Station 7 at residente ng Block 2 Lot 18 Woodstarbend St. Rosewood Village, Brgy. Niog 2, Bacoor City; Edmond Santos, 51, brokerage employee, ng Block 2 Lot 22 Woodstarbend St. Rosewood Village; at Serafine Aceveda, Jr., 41, negosyante, ng Block 2 Lot 19 Phase 2 Woodstarbend St. Rosewood Village, dahil sa pamamaril sa biktimang si Ferdinand Sanchez, may-asawa, ng Block 2 Lot 16 Wood Starbend St. Rosewood Village, Brgy. Niog 2.

Matatandaan na dakong ala-1:50 ng madaling araw nang naganap ang insidente kung saan nag-iinuman ang mga suspek sa kalsada sa tapat ng bahay ng pulis sa nasabing subdibisyon nang dumating ang biktima na kanilang kapitbahay.

Dahil hindi makadaan ang biktima, bumaba ito kung saan nagkaroon ng komprontasyon na nauwi sa mainitang pagtatalo hanggang sa nagkasuntukan.

Tumakbo pauwi ang biktima subalit sindundan sila ng mga suspek at sumugod sa bahay nito kung saan puwersahang pinasok ng suspek at binaril sa noo ang biktima na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Ayon kay Fetalcurin, pasok din sa murder ang dalawang kasamahan ng suspek kung saan hindi umano sila umawat sa kalagitnaan ng pagtatalo ng dalawa at kasama rin silang sumugod sa bahay ng biktima bagama't ang suspek lamang ang pumasok sa bahay at bumaril sa biktima. **GENE ADSUARA**

# BACOOR, NOVELETA, GENTRI, NAGLILINIS NA RIN

**MARAMING** motorista na dumadaan papasok at palabas sa Zapote Road sa Bacoor City ang tuwang-tuwa sa malinis at maluwag na kalsadang ito na dati ay napakasikip at marumi dahil sa maraming nakahambalang sasakyan at nagkalat kung saan-saan na ambulant sidewalk vendor.

Ginawa ang pag-aalis at paglilinis sa mga bangketa sa paligid ng Bacoor City Public Market noong nakaraang linggo, at patuloy hanggang ngayon ang operasyon laban sa street vendor, ayon sa City Public Information Office.

Nabatid na sa ginawang operasyon, natuklasan na 21 stalls sa public market ang walang business permit dahil dito, agad na isinara ng Business and Licensing Office.

Sinusulat ito, patuloy ang pagbubuwag ng mga harang at ilegal na istruktura sa mga kalye sa lungsod na nakasasagabal sa takbo ng trapiko at ang pag-aalis ng mga sasakyang nakaparada sa mga publikong kalsada at mga ilegal na terminal ng pampasaherong sasakyan.

Sinabi ni Mayor Lani Mercado-Revilla na iniutos niya sa Task Force Clearing Operations na 'wag tumigil sa paglilinis sa mga ilegal na istruktura sa mga publikong daan at alisin ang mga sidewalk vendor sa mga bangketa.

Sa munisipalidad ng Noveleta, pinangunahan naman ni Mayor Dino Reyes Chua ang pag-aalis at paglilinis sa mga harang at sagabal sa mga publikong kalsada at bangketa.

Ipinalis din ng alkalde ang mga karatula, marker at ilegal na istruktura na 'masakit sa mata.'

Nabatid na humingi ng tulong si Mayor Reyes Chua sa Department of Public Works and Highways sa Cavite na maalis ang sagabal at delikado sa motoritang na mga poste sa kahabaan ng San Rafael National Road.

Naiwan na nakatayo ang mga poste ng Meralco matapos ang ginawang pagpapalapad ng kalsada sa nabanggit na lugar.

Sa General Trias City, inireport ni Barangay Dulongbayan Captain Alfred Ching at presidente ng Liga ng mga Barangays (LnB-village league) na nagtutulong-tulong ang lahat ng kasapi sa liga na alisin at linisin sa mga sagabal at harang sa mga daan sa 33 barangay sa siyudad.

Ito ay kasunod ng miting at utos ni Mayor Antonio Ferrer sa lahat ng opisyal ng pamahalaang lungsod ang malawakang paglilinis at pag-aalis ng mga sagabal sa kalsada at bangketa, kasama ang mga sasakyang nakaparada sa mga publikong kalsada.

Sa utos ni Mayor Ferrer, inoobliga niya ang lahat ng kapitan at opisyal ng barangay na kausapin ang lahat ng mga may-ari ng bahay at tindahan ng negosyo na kusang alisin ang mga harang at ilegal na istruktura sa kanilang lugar.

Iniutos din ng alkalde na alisin sa mga bangketa ang mga istruktura na naitayo sa mga bangketa at publikong lugar, kahit pa ang mga ito ay binigyan ng permiso na maitayo.

Ang utos ni Ferrer ay bilang pagsunod sa utos ni Pangulong Duterte sa lahat ng lokal na pamahalaan na alisin ang lahat ng sagabal, harang at ilegal na istruktura sa mga pambansa at lokal na kalsada at mga bangketa at mga sulok-sulok na lugar.

Ilan sa nilinis ang mga kalsada sa paligid ng city hall, mga istruktura sa kahabaan ng Tejero crossing road, Governor Ferrer Drive mula sa Prinza-Sta. Clara crossing hanggang sa Manggahan, at Manggahan-Governor's Drive crossing at sa Crisanto delos Reyes Avenue, hanggang sa kalsadang Panungyanan.

Sa utos ng alkalde, nabatid na nakisama ang mga may-ari ng negosyo at mga may-ari ng bahay sa pagkukusa na tanggalin at linisin ang mga istrukturang ilegal na naitayo sa mga kalsada at bangketa.

Kasunod nito, nawarning si Mayor Ferrer na babawiin ang business permit at lisensiya ng mga establisimyento at negosyo na hindi susunod sa kanyang utos, bukod sa ipapataw na multa at kaso na isasampa sa hukuman.

Inutusan din ng alkalde sa mga kinauukulang opisyal ng siyudad na gumawa ng ulat tungkol sa mga publikong kalsada na nabigyan ng permiso para magamit ng ilang indibidwal at mga kompanya.

Sabi ni Mayor Ferrer na kailangang tumupad sa mahigpit na atas ni Presidente Duterte at sa Memorandum Circular 2019-121 ng Department of the Interior and Local Government (DILG) noong Hulyo 29 sa lahat ng pamahalaang lokal na alisin at linisin ang mga sagabal sa daan na pinahintulutang magamit ng ilang tao at samahan.

Kasama sa Memo ang pagkakaloob ng kapangyarihan sa mga alkalde at awtorisadong opisyal na bawiin ang mga permit sa paggamit ng mga publikong lugar. **(DOMZ B. CAOILE-GUEST WRITER)**

# DTI BRINGS NEGOSYO SERBISYO SA BARANGAY IN AMADEO

**The Department of Trade and Industry (DTI) – Cavite launched another Negosyo Serbisyo sa Barangay (NSB) Program on August 22, 2019, this time in Amadeo.**

**On behalf of DTI-Cavite Provincial Director Noly Guevara, Business Development Division Chief Ms. Revelyn Cortez gave an overview of the project, highlighting that NSB is one way of reaching out to communities to helpmicro, small and medium-sized enterprises (MSMEs) and potential entrepreneurs in the barangay to start and even scale up their business.**

Meanwhile, Senior Trade and Industry Specialist Mr. Rico Chavez together with his team facilitated the event, assisting participants throughout the seminar and during the diskwento caravan. They also reminded participants of the services being offered for free by the Negosyo Center established in the municipality, which locals can seek for any business-related assistance and support.

Amadeo Mayor Redel Dionisio, who welcomed guests from the DTI and participants from the 26 barangays, expressed his appreciation to the NSB program session held to promote entrepreneurship. Mayor Dionisio encouraged constituents to grab every opportunity that DTI offers, especially the free training and seminar being provided through NSB for it may fuel the town's economy. "Mahalin natin ang Amadeo," the mayor added in his message.

Words of inspiration also came from the Chairman Emeritus of the Provincial Cooperative Development Council (PCDC) Ka Rodrigo Camia and the Officer-in-Charge of the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) Atty. Khervy Reyes, who both shared success stories that are pushed by business and cooperatives. Mr. Camia told the locals of Amadeo the benefits of joining cooperatives, particularly to farmers and to those in the agricultural business; while Atty. Reyes presented the programs and projects of PCLEDO that help capacitate entrepreneurs and cooperatives in the province.

On behalf of Governor Jonvic Remulla, Atty. Khervy Reyes delivered his message of thanks, ensuring everyone that the provincial government will continue developing and conducting interventions needed for economic development. Atty. Reyes also mentioned the Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3) program of DTI that can help boost business, since it provides capital loan to micro entrepreneurs.

Other resource speakers during the NSB in Amadeo were from the Department of the Interior and Local Government (DILG)-Cavite with their discussion on Business Permit and Licensing System standards, emphasizing the shift to automation and computerization; the Department of Science and Technology with their SETUP or Small Enterprises Technology Upgrading Program that encourages and assists MSMEs in adopting technological innovations; and the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) with presentation on the list of trainings they provide.

Aside from the free seminar provided for the locals of Amadeo during the NSB, they also enjoyed free-of-charge pamper services sponsored by TESDA including manicure, pedicure and haircut. **(PICAD)**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
IMUS, CAVITE

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
**Mortgagee/Assignee,**

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C. NO. 16828-19**

**AIDA P. VIILANUEVA**
Mortgagor,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION , Mortgagee/Assignee, with principal place of business at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **AIDA P. VILLANUEVA**, with residence and postal address at ACM Homes Lot 10, Blk.8, Anabu II-B, Imus, Cavite/ 94 Putol, Kawit, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of May 31, 2019 amounts to EIGHT HUNDRED FOURTY SIX THOUSAND SIX HUND**RED FORTY EIGHT PESOS & 85/100 (Php 846,648.85),** Philippine Currency excluding interest and penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned Sheriff will sell at public auction on **September 24, 2019** at 10:00 a.m or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan Ng Katarungan,Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-444366**

"A parcel of land (Lot 10, Blk.8 of the subd. plan, Psd-042109-061831, being a portion of Lot 2857, Imus Estate, L.R.C. Rec. No. ), situated in the Bo. of Anabu, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the SW., along lines 1-2 by Lot 9, Blk.8 on the NW, along line 2-3 by Lot 8, Blk.8; on the NE., along line 3-4 by Alley 5; on the SE, along line 4-1 by Lot 12, Blk.8, all of the subd. Plan. Beginning at all pt. marked "1", x x x containing an area of FOURTY SEVEN SQ. METERS & FIFTY Sq. Decimeters (47.50) SQ. METERS " x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **Octoberber 1, 2019** at 10:00 a.m. without priorr notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **July 25, 2019**

**ANSELMO P. PAGUNSAN JR.**
Sheriff IV

APPROVED:
**REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI &
Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
104 Amorsolo St. Legaspi Village, Makati City

**AIDA P. VILLANUEVA**
ACM Homes Lot 10 Blk.8, Anabu IIB, Imus, Cavite
94 Putol, Kawit, Cavite

**Publication: HANEP** September 2, 9 and 16, 2019



**MASANGSANG** na amoy sa palengke ng Baclaran katabi lamang ng Aling Clara Market sa may Quirino Ave. lalo na yung mga nagtitinda ng mga isda. Matagal na itong inireklamo kaya nga lang walang aksyon, tinatawagan ng pansin ang kinaukulan na buhusan ng kemikal ang nasabing kanal na ito. **JIMMY HAO**

# PCLEDO HOLDS THE 1ST ENTREPRENEURSHIP STUDENTS CARAVAN

In its continuing advocacy for entrepreneurship, the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office spearheaded the 1st Cavite Entrepreneurship Students Caravan with the theme "Entrepreneurial Mindset: The First Step Towards Success" at the Provincial Gymnasium, Trece Martires City, Cavite on August 23, 2019.

More than 500 Senior High School students taking up Business Management and its related courses from Trece Martires City Senior High School attended the caravan which aims to motivate the youth to develop a keen interest in business and the right attitude that will carry them through a vibrant entrepreneurial journey. It also served as a preparatory stage for students to be exposed to relevant entrepreneurial activities, opportunities, innovation and values. Ms. Liza C. Gabatan, Entrepreneurial Division Head warmly welcomed all the participants, thanking the TMCSHS in collaborating with the PCLEDO to come up with the Students Caravan. "With the Provincial Government's intervention of opening the minds of youth sector towards entrepreneurship, we can consider this activity as a unique opportunity for the attendees", she stressed.

TMCSHS Principal Mr. Ernesto M. Mojica said in his message that to have a successful business, one must start early and agreed that the hope of the business enterprise is the youth. Meanwhile, Mr. Rodel Vincent Bae, Head of the Provincial Youth and Sports Development Office said that the people are the assets of the province so molding and honing the youth is so important for a better Cavite. On behalf of Governor Jonvic Remulla, Provincial Administrator for Community Affairs Alvin Mojica highlighted in his message that effective quality time management is the secret of successful entrepreneurship. He cited that the governor is continuously thinking of programs and projects to equip the youth for them to consider going into business.

The PCLEDO's Profile and Services was presented by Ms. Lyssa L. Rodriguez, Development Management Officer II, providing participants information of the opportunities and programs in the province, its partner agencies as well as the readiness of the office to serve the cooperatives, entrepreneurs and the community in general.

The highlight of the event was a lecture on Entrepreneurial Mindset by Mr. Paulo M. Tibig, Chief Executive Officer and President of V-Cargo Worldwide and author of #EntrepChamp entitled "Discovering Your Entrepreneurial Potential". The speaker provided insights on successful entrepreneurship sharing the hindrances that makes one unsuccessful like ningas-cogon mentality, the Negosyo Mindset Barriers, the need to focus on the direction, among others. He stressed that there is no shortcut to entrepreneurial success. It has to be worked on, planned and achieved. Lastly, he encouraged everyone to bring out the champion in themselves sharing the five values of a good entrepreneur: Commitment, Hard work, Attitude,Motivation and Prayer.
Concluding the program was Atty. Khervy B. Reyes, Officer-In-Charge of PCLEDO with his words of challenge and encouragement to students and the hope that they will find their visions in life. "Love yourself because you cannot give what you do not have", he said. He challenged them to be the best version of themselves in five to ten years, to aim high and dream big.
Also present to support the caravan were the faculty and advisers of the TMCSHS. **PICAD**

# 'WAIS NA MISIS'

**KAWIT, Cavite -** Celebrity influencer Neri Naig-Miranda is set to share her true-to-life experiences on balancing passion, career and motherhood via a lifestyle course at the Incub8 Company - a working space along Centennial Road here on Sept 15. Organized by Littera Training and Development Services (LTDS), the "Wais na Misis' (the smart wife) after-lunch talk with a target audience of Cavite housewives, promises to "open a lot of opportunities for the attendees to start a small business on top of their responsibilities as wife, based from our speaker's (Naig) personal 'wais' (wise) experiences," says Glenn Guerrero, LTDS co-founder. Naig-Miranda, wife of the famed Parokya Ni Edgar band frontman, singer-songwriter and actor Chito Miranda, juggled up her responsibilities as a full time wife and mother, while doing what she loves the most - entrepreneurship, with businesses such as Neri's Gourmet Tuyo, Ukayan, Jewelries, Bakeshops and Accommodations. The celebrity mom, who has over a million followers on Instagram (IG), will be sharing her success stories, including some best practices when she started her various businesses, to inspire and motivate Cavite mothers, housewives to follow suit. LTDS, which business is based in General Trias City, Cavite and known to conduct various board and licensure exam reviews (licensure for teachers, criminology, UPCAT), including foreign language classes is also venturing into lifestyle courses such as this. Attendance to the course is for a fee and interested participants may contact LTDS at mobile numbers +63995.3985366 and +63917.3189818 or email litteratraining2019@gmail.com.




# Two-day National Conference on nutrition-sensitive programming

**SILANG, Cavite** - Food security and nutrition experts culminated on Friday their two-day National Conference to chart ways to strengthen initiatives on nutrition-sensitive programming and successfully implementation of these programs that are identified in the Philippine Plan of Action for Nutrition (PPAN) 2017-2022. The International Institute for Rural Reconstruction (IIRR) - an international development, research and training organization, organized the conference in partnership with the National Nutrition Council (NNC) and Scaling Up Nutrition-Civil Society Alliance Philippines (SUN-CSA Ph) to address malnutrition which remains a public problem not only in the country but across the globe. Held at the IIRR's YBS Hall, the national convention is part of the "Strengthening Capacities on Nutrition-Sensitive Programming" which uses a two-track approach aimed at strengthening capacity of national government agencies to develop more nutrition-sensitive programs through supporting conducts of capacity-building activities for government staff. The program also called for action planning workshops and constant mentoring and monitoring with partner agencies, including civil society sector and local government units (LGUs) on developing and implementing local-level nutrition-sensitive projects/programs. During Thursday's opening program, IIRR Acting Asia Regional Director Emily Monville Oro challenged participants from National Government Agencies (NGAs) and International Non-government Organizations (NGOs), food experts, members of the academe, research institutions, Civil Society Organizations (CSOs) and development organizations and experts on food security and nutrition if "are we moving, shaking enough in our battle on malnutrition?" "We may need to tweak a bit to make it more nutrition sensitive" Oro proposed, citing the country's policy framework, systems and structures are in place to combat malnutrition. She disclosed results of the 2018 Expanded National Nutrition Survey where stunting prevalence remains high for ages 0-23months, 2 to 5 years old, with increasing anemia prevalence, while overweight and obesity affect those from 10 to 60 years old and above. She also pointed out that although there are significant gains too where stunting has decreased significantly from 31.9% to 26.3% and wasting has decreased but not significant at 5% level for those under ages 10 to 19 years old, she stressed the need to do more to achieve the target, ensuring "no one should be left behind" by addressing immediate causes as well as underlying causes of malnutrition to develop effective programs. She also underscored nutrition sensitive programming is needed to complement nutrition specific interventions that are non-negotiable. "We already know that we need to focus on the first 1000 days - that window of opportunity, otherwise this impact of malnutrition really become irreversible," she warned. She advised that practical yet simple and high impact actions for better nutrition are more important than the mere concepts and that research without action is sterile, as something should be done out of the data and concepts. She also urged to ensure implementation and delivery of the services on the ground where the action is and where it is needed most and called for more sustainability and scaling up as keys to have the enough investments to put into work to generate more impact. During the conference, the participants were briefed on the country's nutrition landscape: from the underlying causes, framework for joint actions, on how to take unified actions to address malnutrition, and in-country approaches on sharing of initiatives from national government agencies. Parallel sessions were also held on linking evidence to action, and a workshop on current initiatives, challenges and opportunities for nutrition-sensitive programming, which inspired participants to come up with immediate and long term plans to meet the PPAN program targets.




Ms. Oro delivering her welcoming speech during the opening ceremonies.




## KISSKISSBANGBANG, NAKADISKARTE!

Sa pakarerang naganap noong nakaraan sa pista ng San Lazaro ay nakadiskarte ng maayos at tamang pagbitaw lamang ang pinakawalan ni Jerico Serrano sa kanyang sakay na si Kisskissbangbang matapos na hayaan munang mapagod at magkaubusan ang mga kalaban nila na maagang nagbakbakan sa unahan. Sumegundo sa kanila ang medyo naantala lang na si Casablanca kasunod si Doña Susan, hindi naman nakita sa eksena ang isa sa mga kabayo na bumenta sa takilya na si Twilight Ingrie. Sa sumunod na takbuhan ay wala nang pinaporma pa ang naging top favorite na si Tango Eco Keith, nabigyang batak naman ang sumegundong si No Matter What. Malayong nagwagi naman ang kabayong si Hayaku Jabez sa ikatlong pakarera, habang si Lava Walker ay nanalo rin ng may kalayuan sa kaniyang natapatang grupo sa ikaapat na takbuhan. Dikit na nagkatalo lamang sa ikalimang karera ang mga kabayong sina Scarborough Shoal, Batang Highlander at Lemonada pagsapit sa meta. Sa penultimate race naman ay tila naglaro lamang ang apprentice rider na si Pabs Cabalejo sa ibabaw ng kabayong sakay na si Sizzling Hot na hugandong nagwagi at umentado ang tinapos na tiyempo na 1:29.0 (13'-25'-24'-26') para sa distansiyang 1,400 meters mula sa nauna niyang naitala na 1:30.9 nitong nagdaang Hulyo 12 sa parehong karerahan. Samantala sa pinakahuling takbuhan naman ay tila pinarekta lamang ni Toypits Guerra ang gamay niyang kabayo na si Bebang na umektad pa ng husto hanggang sa tapusin ang labanan.

# HANEP SHOWBIZ

## SUE RAMIREZ, STILL HAPPY



**YES! Still happy si Sue Ramirez kahit sa ngayon ay medyo matamlay ang kanyang buhay pag-ibig.**

**Nananatiling masaya ang aktres kahit humantong sa split up ang kanilang relasyon ng nobyong si Joao Constancia.**

Si Joao, na miyembro ng BoybandPH member, ay nasa dalawang taon ding dyowa ni Sue.

But take note, ang kanilang paghiwalay ay desisyon nilang dalawa.

At para sa kaalaman at kalinawan ng nakakarami ay walang third party sa break up nila.

Wala namang malalalim na rason na inihayag ang aktres sa nagnap na hiwalayan blues.

Just to clear ay sinabi lamang ni Sue na medyo marami na silang differences ng ex-bf.

Maraming pagkakaiba, so meaning mukhang may salungat na sa ilang bagay.

Kaya siguro ay right decision na to give up ang kanilang relasyon dahil sa hindi pagkakatugma.

Ang kainaman o kagandahan lamang, kahit break na ay mananatili ang kanilang friendship that's why Sue is still happy.

@@@

**PAALAM LOLA MONA LISA**

Ang kinokonsiderang top character actress na si Mona Lisa ay tuluyan ng namaalam sa industriya.

Sino ba naman ang hindi nakakakilala sa veteran actress na si Mona Lisa.

Ang ating pakikiramay ay ipinaabot natin sa pamilya ng naulila ni Lola Mona Liza, binawian ng buhay sa edad 97.

Batay sa pahayag ng mga anak ni Lola Mona Lisa na sina Evangeline Bacobo at Kathleen Guinto, natagpuang wala ng buhay sa kanilan bahay sa BF homes, Parañaque ang beteranang aktres.

Nalaman na bedridden na mula pa noong 2016 si Lola Mona Lisa at mula nitong Agosto 22 ay hindi na nakakakain.

Ang beteranang aktres o Gloria Yatco Guinto sa tunay na buhay ay nagsimula sa industriya noong 1930.

Unang pelikulang nilabasan niya ay mula kay Carlos Padilla, Sr. sa "Ang Pagbabalik."

Nakasama niya sina Armando Cris, Gerardo de Leon, Lucita Goyena at Angel Esmeralda.

Nagpalit siya ng pangalan bilang Mona Lisa pagkatapos ng World War II.

Naging bahagi rin si Lola Mona Lisa sa mga pelikula ng dekalibreng director na si Lino Brocka.

Kabilang ang mga pelikulang "Insiang" at "Cain at Abel" ni Lola Mona Lisa sa ilalim ng direksiyon ni Direk Brocka.

Muli paalam Lola Monsa Lisa.



# IISA... IKAW AT AKO

Sa panulat ni Kuya Arman

## (Ika-24 labas)

**UMAYON** ang pagkakataon para kay Bernie dahil nang makarating sila ni Cecile sa restoran mga ilang oras ay dumating ang inaasam-asam niyang babae.

Sadyang nakisama pa talaga ang pagkakaton dahil nalapitan at nakilala niya ang babae.

"Ako si Jane, college student ako at madalas kami rito sa restoran ni daddy."

Talaga nga naman na umayon ang magandang timing kay Bernie dahil hindi siya napansin ni Cecile.

Nagkataong tumunog ang cellphone ng daddy ni Jane at sa labas ng restoran iyon sinagot para makipag-usap.

Habang si Cecile naman ay nagpunta sa kusina ng restoran dahil may mga titingnan.

Kaya naman malayang nalapitan at nakausap ni Bernie si Jane na pati ang number ng babae ay kanyang nakuha.

"Mabait 'yang daddy ko kaya nga lamang ay medyo mahigpit kaya nga mas madalas ay hinahatid at sinusundo pa ako."

Hindi na iyon masyadong pinansin pa ni Bernie dahil ang importante sa kanya ay mayroon na siyang contact number kay Jane.

"Bernie…Bernie…"

May tinatanong si Jane subalit hindi na nasagot pa ni Bernie dahil naririnig niya ang boses ni Cecile at tinatawag siya.

Ang tanong ni Jane kay Bernie ay kung kaanu-ano o kamag-anak ba nito si Cecile.

"Auntie andito ako, bakit?"

Kahit naman hindi nasagot ay nalaman na rin ni Jane dahil sa narinig kay Bernie.

May iniuutos si Cecile kay Bernie kaya tinawag at pinapunta niya ng kusina.

"Narinig ko, auntie mo pala siya. Kamag-anak mo pala ang may-ari nito."

Nasa labas pa rin ang daddy ni Jane kaya bago umalis si Bernie ay nakadaan pa siya sa kinaroroonan ni Jane.

"Matagal talagang makipag-usap 'yang si daddy, sige tawagan na lamang tayo."

Masigla ang kilos ni Bernie at nag-aapura para makabalik kaagad ng restoran pero wala na roon ang mag-ama pagbalik niya.

"Sumunod ka na ha at matutulog na tayo."

**(Sundan)**

# "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

## (14)

"MASYADO mo kasing ini-spoiled 'yang anak mo kaya hayan at tingnan mo."

"Bahala s'ya kung ano ang gusto n'ya sa buhay n'ya, matigas na yata ang mga buto."

Nag-iwan ng sulat si Allan dahil naglayas siya at nagpasyang sumama sa probinsiya nina Alex.

Halos nagsisisihan pa ang mga magulang ni Allan habang binabasa ang sulat.

Kasalukuyang nasa barko na ang magkaibigan habang binabasa ng mga magulang ni Allan ang iniwang sulat.

"Ako rin naman eh gumawa ng sulat kaya malamang ngayon ay binabasa na rin 'yun ni nanay."

Nagtawanan pa ang dalawa nang malamang kapwa pala sila nag-iwan ng sulat.

"Ang laki-laki mon a ah, binatang-binata ka na kaya 'di na kita nakilala."

"Eh sino naman itong kasama mo? Teka nga pala, kumusta na ang nanay mo at bakit 'di siya sumama rito para magbakasyon?"

Pagkaraan ng mahabang biyahe ay nakarating din ang magkaklase sa probinsiya.

Ipinakilala ni Alex si Allan sa kanyang tiyahin na kapatid ng nanay niya.

Nagsinungaling si Alex nang sabihin sa tiyahin na pinagbabakasyon lang muna siya roon ng kanyang ina.

Umiikut-ikot naman ang mga tingin ni Allan sa paligid ng bahay.

Isang simpleng bahay-kubo na medyo malaki nga lamang ang pagkakagawa.

Pero batid ni Allan na hikahos din sa buhay ang tiyahin ni Alex lalo at may ilang anak na maliliit pa.

"Masarap 'yan, bagong kuha lamang 'yan. Medyo alalay lang sa inom dahil may tama rin 'yan."

Nang dumating ang tiyuhin ni Alex ay niyaya silang magkaibigan na uminom ng tuba.

Nalaman ni Alex na ang panganay na anak ng kanyang tiyahin ay nasa Manila at nagtatrabaho.

Ang sumunod sa panganay ay may pamilya na at sa kabilang baryo umuuwi.

Kung naninibago si Alex ay mas lalo na si Allan dahil walang kuryente roon at gasera lamang ang gamit.

"Ha! Doon ba?"

**(Itutuloy)**

# Baguio City Nanguna sa 2019 Batang Pinoy, National Championships Finals para sa Gintong Medalya

**Puerto Princesa - Habang sinusulat ang kaganapan ng 2019 Batang Pinoy National Finals sa Puerto Princesa sa Ika - apat na araw ng kumpetisyon ay nag tala ng pina maraming nakamit na Gintong Medalya ang Baguio City sa bilang na 21 sinundan ng magkaparehas na tala ang Cebu City at Quezon City ng tag labing anim 16. I**

Una dito nakamtan ang 5 Gintong medalya ni Karl Eldrew Yulo ng Manila sa ibat ibang kategorya ng gymnastics event sa City Coliseum sa nagdaang araw ng tagisan

Ang 11-anyos na si Yulo, at nakababatang kapatid ng national team member at World Championships bronze medalist na si Caloy Yulo, ay humakot ng gintong medalya sa mga events na vault, mushroom, floorexercise, invidual all around at parallel bar, habang nakakuha naman siya ng silver buhat sa high bar event sa cluster 2.

Inamin ni Yulo na hindi naging madali para sa kanya ang pagkopo ng gintong medalya gayung malalaks din umano ang kanyang mga nakalaban.

Nakuha naman ni Dula ang kanyang ika limang ginto sa huling araw ng kompetisyon sa events na 50m Backstroke.

Sumabay din ang pambato ng Cainta Rizal na si Aubrey Tom, na humakot din ng kanyang ika limang ginto makalipas na manaig sa huling langoy ng girls 50m freestyle.

Sa athletics, nakasungkit din ng ginto ang isa pa sa Siklab Youth awardee na si Mariel Abuan ng Zambales, sa kanyang pananaig sa high jump girls event sa naitalang 1.54m, habang si Krisha Aguillon naman ng bacolod City ang siyang naging reyna sa 100m girls sa kanyang 12.7 na naitala sa orasan.

Si Marc Angelo Daroy ng New Washington Aklan naman ang nagwagi sa 100m boys sa kanyang tinapos na 11.4 sa orasan habang si Lyka Catubig ng Davao Xity ang siyang nagreyna sa 2000m walk girlsna tumapos ng 10.57.09, gayung si Aaron Gumban ng Sto. Tomas Davao del Norte naman ang nakasungkit ng ginto sa 2000m walk boys na may 17:15.30 sa orasan.

Sa cycling, nagreyna ang pambato ng Sta. Rosa Laguna sa Individual Time Trial (ITT) girls event na si Chelsea Sophia Periodico sa kanyang tinapos na 09.:04 sa orasan para gintong medalya kahalili si Sophia Psalm Belican ng Malaybalay City sa 9:55.00 sa orasan para sa ikalawang puwesto habang third placer naman si Asia May Celestine Araneta ng Davao City sa 9:54.00 naitala nito.

Sa boys ITT naman ay nanaig si Homer Bordeos ng Pangasinan Province sa 7:36.00 sa orasan para sa gintong medalya kasunod ang kanyang teammate na si Lawrences Redila sa 7:43.00 sa orasan habang nasa ikatlong puwesto naman si Joel dela Rosa Jr. ng Puerto Princesa na may 7:53.00 sa orasan.

Habang sa arnis naman, ay nagpakitang gilas si Ram Cyril Deloso ng Iloilo City matapos na magwagi sa Cadet boys Individual 1 weapon event, habang si Eliyah Cervantes naman ng Pasig City ang siyang nakakuha ng ginto sa girls category ng individual 1 weapon.

Natapos kamakailan ang naturang kompetisyon na inorganisa ng Philippine Sports Commission (PSC) at suportado ng Milo at lokal na gobyerno ng Puerto Princesa at ng Palwan Province.

## Racasa Tinalo ang Russian foe

Gumawa ng malaking alingasngas si Philippines' youngest Woman Fide Master (WFM) 45th seed Antonella Berthe "Tonelle" Murillo Racasa (elo1380) matapos hiyain si 9th seed Olga Dm.Karmanova (elo1838) ng Russia matapos ang 85 moves ng Benoni defense tangan ang black pieces para makisalo sa fifth pagkatapos ng seventh round ng Under-12 Girls division ng World Cadet Chess Championships na ginanap sa Yujing Hotel sa Weifang, Shandong, China.

Ang12-year-old student ng Home School Global bet na si Racasa ay napataas ang total score sa 5.0 points sapat para makisalo sa 11 pang manlalaro para sa 5th to 16th that includes Woman Candidate Master (WCM) 7th seed Dilyana Ivanova (elo1380), ang kanyang eight round opponent.

" Racasa (Antonella Berthe) upsets Russian foe. Major, major upset. Thank You Lord. Tomorrow's opponent is Dilyana Ivanova of Bulgaria." sabi ng ama at coach na si Roberto Racasa na isang International Memory champion at founder at ama ng Memory Sports sa Pilipinas.

"At first I thought it was impossible. Beating Russians in chess is like beating Mayweather in boxing. Thank you Lord for the victory." ani pa ng nakakatandang Racasa.

"After five and a half hours, Antonella Berthe Murillo Racasa upset Olga Karmanova of Russia in the Under-12 at the World Cadets in China. Racasa's 5/7 puts her in a tie with 11 others from 5th to 16th. Karmanova is the fourth higher rated player beaten by Racasa. In this case, Karmanova is nearly 500 Elo rating points higher than Racasa." sambit naman ni veteran journalist at chess guru Ignacio "Iggy" Dee.

Ang kampanya sa China ni Antonella Berthe ay suportado nina Philippine Amusement and Gaming Corp. (Pagcor) chair at CEO Andrea Domingo, D. Edgard Cabangon ng ALC Group of companies, Mandaluyong City Mayor Menchie Abalos, Councilor Charisse Abalos, Mr. Rogelio Lim ng Boni Tower at Makati Medical Center President at Chief Executive Officer Rose Montenegro. **(Marlon Bernardino)**

## Mayor Abundio "Jun" SIMON, Jr PingPong Sandpaper LIHA Tournament

Tayo na maki lahok at humataw sa San Simon National High School Pampanga sa darating na September 14 & 15 (Saturday at Sunday) sa ganap na 8am - 8pm.

Ito ay libre lamang para sa entrance fee, pagkain at tulugan naka televised sa Channel 2 at Net 25. Imbitado lahat ng gustong sumali na mga Lihadores (152 entrees pataas)sa buong bansa bata man o matanda!

Ang mga kategorya ng kompetisyon ay Class A , B at Seniors (60 years & above) base sa national rules (sa Sabado) at international rules (Sunday).

Sa iba pang karagdagan kaalaman maaring tawagan o i-text lamang si Jun Ducusin sa CP Number 0932-583-5867 Pipiliin din dito ang pinakamagaling na player para isali sa 2020 World Championship of PingPong (January 25 & 26, 2020) sa Alexandra Palace, London.

Kaugnay nito Interisadong pumunta ang USATT Chairman Emeritus Dr. Mike Babuin para saksihan ang makasayang palarong ito na suportado ng buong buo ng ating Gobyerno!




**OPENING CEREMONY** - NAG photo op sa pangunguna ni PSC Philippine Sports Commission Chairman William Ramirez kasama sina Commissioner Arnold Agustin, Commissioner Charles Raymond Maxey, Senator Christopher Lawrence "Bong" Go, Puerto Princesa Mayor Lucilo Bayron, GAB Chairman Baham Mitra, DepEd Secretary Leonor Magtulis Briones, Palawan Governor Jose Chavez Alvarez, at iba mga opisyal kaugnay ng ginanap na opening ceremony ng 2019 Batang Pinoy National Championships Finals sa Ramon Mitra Sports Complex. **(RGN)**

# HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com




**PSL CHAMP SPIKE -** Todo bira sa bola si F2 Logistics spiker Ara Galang laban naman sa depensa ng katunggaling si Roselyn Doria ng Cignal sa huling aksyon nila sa Philippine Superliga All Pilipino 2019 sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. Kung saan nag kampeon ang F2. Photo by : **PRINCE SABBALUCA**



**NCAA SAN BEDA VS LYCEUM** - Angat na angat ang banat na pag basket ni Lyceum forward Jayces Marcelino kontra sa depensa ni James Kwekuteye ng San Beda sa kasagsagan ng maaksyong tagpo nila sa 2019 Season 95 NCAA Seniors Basketball sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. Photo by : **PRINCE SABBALUCA**

# 2 RIDER, NAPERDER; NASITA SA HELMET BUKING SA DROGA

**BUKING ang nakatagong droga sa dalawang kalalakihan na naunang sinita dahil sa hindi pagsusuot ng helmet matapos na tumangging painspeksiyon sa isang police operation sa Gen Trias City, Cavite.**

Kasong paglabag sa RA 10054, RA 4136, Resistance and Disobedience Upon Agent of Person in Authority at Section 11 Article 2 ng RA 9165 ang isinampa laban kina Anjo Pareja, 31, binata ng Brgy Sanja Mayor, Tanza; at Augusto Atis, 40, may-asawa, ng Brgy Punta 1, Tanza.

Sa ulat ni Corporal Ronald Didal, ng Gen. Trias City Police Station, dakong alas-5:50 ng hapon nang nagsagawa ng Oplan Sita ang mga elemnto ng Gen. Trias CPS sa Brgy Pasong Camachile 2, kung saan pinara ang dalawa sakay ng isang motorsiklong Kymco na may plakang DG 43734 dahil sa kapwa hindi pagsusuot ng helmet.

Nang hingin ng lisensiya ni Pareja ay wala itong maipakita at tumanggi ring pa-insleksiyon subalit nang sila'y kapkapan ay nakuha sa kanilang pag-iingat ang dalawang sachet ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng .80 gramo at may street value na P5K.

Ang dalawa ay kapwa nakakulong sa Gen. Trias City Custodial Center. **GENE ADSUARA**



**ARESTADO** ang suspek na si Norlie Acuna y dela Rosa (nasa kaliwang larawan) na nakuhaan ng sampung pirasong sachet ng shabu na nais ibenta sa Seacom, Barangay San Antonio, Paranaque City sa isinagawang buy bust operation ng PCP-5 ng B.F. Homes sa pamunuan ni P/Major Benedicto Balagtas habang iniimbestigahan nina arresting PSSg de Castro at Pat Accad. **JIMMY HAO**

NAKIPAG-UGNAYAN sina PCP-1Commander P/Maj.Jolly C.Soriano , ASEC Marjorie Jalosjos, Ret.Police Gen. Ariel Andrade- Baclaran Task Force, Paranaque City Administation Atty. Fernando"Ding"Soriano, Baclaran Barangay Captain Jun Zaide para sa regular clearing operation sa Baclaran. Layunin nitong manatiling malinis ang lugar kaya kinakausap din ang mga lider ng vendors sa bawat sector sa na sumunod sa mga patakaran ng pamahalahan ng Paranaque. (JIMMY HAO)



# Ginang, nabundol ng motor

**ISANG** 50-anyos na ginang ang nabundol ng isang motorsiklo habang papatawid sa Dasmarinas City, Cavite.

Sinusulat ito ay nasa kritikal at ginagamot sa Pagamutang Lungsod ng Dasmarinas ang biktimang si Electa Nabez, may-asawa, ng Blk 87 Excess Lot, Brgy Fatima 2, Dasmarinas City, habang ginagamot din sa nasabing ospital ang driver ng isang motorsiklo na si Sadam Borirao, 24, binata, vendor, ng Blk N-20 Lot 20, Brgy. Emmanuel Bergado 1, Dasmarinas City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Ronald Manaig, ng Dasmarinas City Police Station, papatawid ang biktima sa Congressional Road, Brgy Luzviminda 1, Dasmarinas City nang nabundol ng minamanehong motorsiko ng suspek.

Dahil sa lakas ng pagkakabundol, tumilapon ang biktima ng ilang metro kung saan kritikal sa ospital.

Nabatid na nasugatan din ang driver ng motorsiklo at isinugod din sa nasabing ospital. **GENE ADSUARA**




Isang karaoke club na nag-ooperate na ang pangalan ay PRIMIER KEIKO na ilang dipa lamang ang layo sa simbahan ng Malate at eskuwelahan ng Malate Catholic School. Pag-aari ito ng isang Japanese National na ang pangalan ay alyas "PENGUIN" at ang katiwala nitong si Nasida. Paano ito nakuha ng business permit sa Manila City Hall samantalang bawal ito sa nasabing puwesto? **(Freddie M. Manalac)**

# Tindahan ng military uniforms, nilooban


**ARESTADO** ang isang 38-anyos na binata matapos tangayin ang tinatayang P3K halaga ng military uniforms sa loob ng isang tindahan sa Cavite City.

Nakakulong sa Cavite City Custodial Center ang suspek na si Reynaldo Faustino, walang trabaho, ng Bagong Pook Barangay 48A, San Antonio, Cavite City dahil sa reklamo ni Jil Simon Bragado, binata, may-ari ng Magat Military Supply and Gen. Merchandise at residente ng B11 L4 Ciano St. Vita Toscana, Mambog 4, Bacoor City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Armangel Genuino, ng Cavite City Police Station, dakong alas-6:00 ng gabi nang naaresto ang suspek sa loob ng kanyang bahay ng mga opisyal ng Brgy 48A ng naturang lungsod.

Ayon kay Genuino, pumasok ang suspek sa naturang tindahan na matatagpuan sa Dra Salamanca St., San Antonio, Cavite City dakong alas-2:00 ng hapon at nagkunwang mamimili at habang abalang nakikipag-usap si Bragado sa kanyang mga suppliers ay pasimple namang tinangay nito ang assorted na military uniforms na umabot sa halos P3K ang halaga.

Inireport ng biktima sa barangay officials kung saan natunton ang suspek at mga ninakaw na military uniforms sa loob ng kanyang bahay. **GENE ADSUARA**




# 'Wag lang kaliwete sa puso

**NALAGDAAN** na ni Pangulong Rodrigo Duterte Republic Act No. 11394 nitong Agosto 22.

Ang batas na ito ay nag-uutos sa lahat ng paaralan ng pagkakaroon ng neutral desks o arm chairs para sa mga estudyanteng right-handed at maging left-handed.

Pasok sa naturang batas ang lahat ng educational institutions, private o public schools.

Iniuutos sa unang taon ng pagpapatupad nitong batas na kailangang magkaroon na kaagad ang bawat paaralan ng neutral desks na katumbas ng 10 porsyento ng populasyon ng mga mag-aaral nila.

Kasama rin sa kautusan na dapat ay madaragdagan ito sa mga susunod pang taon upang mabigyan ang lahat ng estudyante.

Ang Department of Education (DepEd), Commission on Higher Education (CHED) at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) ay inaatasan sa pagtukoy ng regulasyon.

Ito ay ang mga nakalaang kaso o multang administratibo sa mga mapapatunayang hindi sumusunod sa nasabing batas.

Isa ito sa mga batas na masasabi nating sadyang makabuluhan at kapaki-pakinabang.

Talaga namang mahirap ang sitwasyon ng mga estudyanteng kaliwete sa pagsusulat sa kanilang puwesto o kinauupuan sa loob ng silid-aralan.

Hindi baleng kaliwete sa pagsusulat , 'wag lang kaliwete sa puso...hehehe

@@@

**DAGDAG HPG MEMBERS SA EDSA**

Ang Highway Patrol Groups (HPG) ay nagdagdag ng kanilang mga tauhan na nakatalaga sa kahabaan ng EDSA.

Sabi ni PNP-HPG director Brigader General Eliseo Cruz, ang idinagdag sa EDSA ay nasa 62 HPG members.

Ang dahilan ng karagdagang HPG personnel ay upang mabantayan ang pag-atake ng mga robbery at hijacking.

Hindi pala bilang dagdag puwersa para sa problema sa trapiko sa EDSA, hehehe.

Ang suliranin sa EDSA ay maituturing na isang sakit na kanser na at tila wala ng solusyon o lunas. May mungkahi ako noon sa pitak na ito bilang alternatibong paraan o tugon na baka makatulong sa nasabing problema.